Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Ari-arian na Kailangan Mo para sa Self-Support

## Bakit mahalaga ang mga pag-aari para sa SSI?

Ang **mga pag-aari** ay mga bagay na iyo at na maaaring gawing salapi. Upang makatanggap ng mga benepisyo sa SSI, ang mga bagay na iyo na isasama namin ay dapat nagkakahalaga ng $2,000 o mas mababa para sa isang tao, o $3,000 o mas mababa para sa mag-asawa.

> ***Hindi lahat ng mga bagay na iyo ay intuturing na mga pag aari para sa SSI***
> ***Posible a para sa mga ne gosyo ang makakuhang mga benepisyo a SSI***

## Ang ari-arian bang kailangan mo para sa self-support ay ituturing na pag-aari para sa SSI?

Ang ilang ari-arian na iyo at na ginagamit mo upang suportahan ang iyong sarili ay hindi kailanman ituturing na isang **pag-aari**. Halimbawa:

- ari-arian na iyo at na ginagamit mo sa isang trade o negosyo, tulad ng isang istasyon ng gas, farm, beauty parlor;
- personal na ari-arian na ginagamit mo sa trabaho, tulad ng tools, mga uniporme, o safety equipment; o
- mga permit mula sa gobyerno na nagpapahintulot sa iyo na gumawa ng isang bagay upang kumita, tulad ng mga permit para sa pangkomersiyong pamimingwit o para magtanim ng tabako.

Ang ilang ari-arian ay maaaring isama ngunit kadalasang hindi isinasama, o maaari naming hindi isama ang bahagi nito, tulad ng:

- ari-arian na ginagamit mo upang gumawa ng mga bagay o mga serbisyo na kailangan mo sa iyong pang-araw-araw na kabuhayan, tulad ng lupa o mga kagamitang kailangan mo upang magtanim ng mga gulay o magpalaki ng mga hayop na kakainin mo at ng iyong pamilya; o
- ari-arian na hindi pangnegosyo na nagdudulot ng kita tulad ng lupa o real estate o kagamitan na pinapaupahan mo sa iba.

Ang mga ibang bagay na pag-aari mo ay maaaring hindi rin isama sa SSI.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (**www.socialsecurity.gov**) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.